

Katunayan ng Fact Sheet #28C: FMLA para sa pag-aalaga sa magulang na may malubhang karamdaman base sa relasyong “*in loco parentis*”

Ang Pagliban para sa Pamilya at Medikal (FMLA) ay nagbibigay ng karapatan sa isang empleyado ng 12 linggong pagliban sa trabaho ng walang bayad, na nakasegurado ang trabaho, dahil sa pagaalaga sa magulang ng may malubhang karamdaman. ([Tingnan ang 29 USC 2612\(a\)\(1\)\(C\)](#)). Sa pagsasabatas ng FMLA, kinilala ng Kongreso ang pagbabago ng mga pangangailangan ng pamilya sa America, kasama ang lumalawak na pangangailangan para sa mga namamasukan na mag-alaga sa kanilang mga anak at mga magulang.

Ang pahinang ito ay nagpapaliwanag ng karapatan ng isang empleyado sa pagliban sa trabaho sa ilalim ng FMLA para sa pagalaga sa isang tao na tumatayo sa “*in loco parentis*” para sa empleyado noong ang empleyado ay bata pa. Maari mo ring suriin ang [Fact Sheet #28B](#) ng FMLA para sa panganganak, pagkakalapit, o pag-aalaga sa isang bata kung saan ang empleyado ay tumatayo sa *in loco parentis*.

Kahulugan ng “magulang” sa FMLA

Para sa layunin ng FMLA sa pagliban, ang “magulang” ay maliwanag na tinutukoy na tunay na magulang, nag-ampun, pangalawang magulang, tagapangalaga o isang tao na tumatayo sa ilalim sa *in loco parentis* sa isang empleyado ng ang empleyado ay bata pa. See [29 C.F.R. 825.122\(B\)](#). Ang biyenan ng isang empleyado ay hindi kabilang sa kahulugan ng “magulang” para gamitin ang FMLA sa pagliban. Sa ilalim ng FMLA, ang militarya ay may natatanging kuhulugan ang anak. See [29 C.F.R. 825.122\(i\)](#).

Ano ang kahulugan ng *in loco parentis* sa ilalim ng FMLA?

Sa *in loco parentis*, ay kung saan ang isang tao ay inilagay ang sarili sa sitwasyon ng isang magulang at pagaalis ng mga obligasyon ng isang magulang ng bata kung saan ito ay walang legal na karapatan o ang bata ay hindi nito tunay na anak. Ito ay umiiral kapag ang isang tao ay nagnanais na gampanan ang katungkulan ng isang magulang.

Sa ilalim ng FMLA, ang tao sa *in loco parentis* ay kasama na rito ang pang araw araw na responsibilidad sa pag-aalaga o pinansyal na suporta sa isang bata. Ipinahiwatig ng korte na ang mga sumusunod ay ipinagsasa alang-alang pagkilatis ng katayuan ng *in loco parentis*:

- edad ng bata
- lawak ng pag-asa ng bata sa isang tao
- halaga ng pinansyal na suporta, kung mayroon ibinigay, at
- lawak ng mga tungkulin kaugnay ng pagiging magulang ay ginagampanan

Ang isang karapat-dapat na empleyado ay may karapatan lumiban sa ilalim ng FMLA upang mag-alaga ng isang tao na tumatayo sa *in loco parentis* sa empleyado noong ang empleyado ay bata pa. Ang katotohanan na ang isang empleyado ay mayroong tunay na magulang ay hindi hadlang upang ang isang tao ay tumayo sa *in loco parentis* para sa empleyado noong ang empleyado ay bata pa. **Ang mga katotohanan sa bawat sitwasyon ay siyang magtutukoy kung ang isang tao ay maaring tumayo sa *in loco parentis* para sa empleyado sa tunay na kahulugan ng FMLA.**

Mga Halimbawa ng *in loco parentis*.

Mga halimbawang sitwasyon kung saan ang pagliban sa trabaho batay sa FMLA ay base sa relasyong *in loco parentis*:

- Ang isang empleyado ay maaring lumiban upang mag-alaga sa tiya na may malubhang karamdaman, kung ang tiya ay nag-alaga sa empleyado noong ito ay bata pa.
- Ang isang empleyado ay maaring lumiban upang mag-alaga sa lola na may malubhang karamdaman kung ang lola ang nagpalaki sa empleyado ng mamatay ang mga magulang ng empleyado noong ang empleyado ay bata pa.
- Isang empleyado na pinalaki ng mag-asawang pareho ang kasarian, kung saan isa lang ang tunay na magulang, ay maaaring lumiban upang mag-alaga sa hindi tunay na magulang batay sa relasyong *in loco parentis*.

Maliban kung ang relasyong *in loco parentis* ay umiral noong ang empleyado ay bata pa, ang empleyado ay walang karapatan lumiban sa ilalim ng FMLA para mag-alaga sa lolo o lola, tiya, o ibang kamag-anak na may malubhang karamdaman.

Ano ang maaaring kinakailanganin upang ang idokumento relasyong *in loco parentis*?

Ang karapatan ng amo para i-dokumentasyon ang relasyong pamilya ay tulad sa isang empleyado na nagpapahayag ng pangangailangan ng pag-alaga sa isang tao na tumatayo sa *in loco parentis* sa empleyado tulad ng kung ito ay para sa isang tunay na magulang, nag-ampon, o pangalawang magulang. Ang dokumento ay maaaring isang simpleng pahayag na nagpapatunay ng relasyon. Para sa isang empleyado na naghahangad na mag-alaga sa isang tao na tumayo sa *in loco parentis* sa isang empleyado, ang pahayag ay maaaring isama ang, halimbawa, pangalan ng tao, at pahayag ng tao sa relasyong *in loco parentis* sa empleyado noong ang empleyado ay bata pa. Ang isang empleyado ay dapat magbigay ng sapat na impormasyon sa kanyang amo upang ito ay mabigyan kamalayan na ang taong nangangailangan ng pangangalaga ay tumayo sa *in loco parentis* noong ang empleyado ay isang "bata" pa. Tingnan ang 29 CFR 825.122.

Mga kinakailangan para sa katayuan ng *in loco parentis* at FMLA

Ang katayuan ng *in loco parentis* sa ilalim ng FMLA ay hindi pinapalitan ang mga kinakailangan sa ilalim ng batas, tulad ng mga tungkol sa koverage, pagiging karapat-dapat, at mga nararapat na dahilan para sa pagliban. Lahat ng mga kinakailangan ay dapat matugunan para ang proteksyon ng FMLA ay ma-i-aplay. Ang empleyadong sinisiguro ang karapatan sa FMLA sa pagliban para sa pagaalaga ng magulang, na tumayo sa *in loco parentis* sa empleyado ay kinakailangang magbigay ng abiso para sa pagliban at upang isumite ang mga medikal na sertipikasyon ng malubhang kalagayan katulad ng mga regulasyon ayon sa FMLA.

Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa FMLA, bisitahin ang Dibisyon ng Pasueldo at Oras Website, <http://www.wagehour.dol.gov> o kaya ay tumawag ng libre sa 1-866-4-USWAGE (1-866-487-9243), magagamit sa pagitan ng alas 8:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng gabi sa inyong oras ng zona.

Ang publikasyon na ito ay para sa pangkalahatang impormasyon at hindi katulad sa opisyal na pahayag na nilalaman ng mga regulasyon.

Departmento ng Paggawa 1-866-4-USWAGE
Frances Perkins Building TTY: 1-866-487-9243
200 Constitution Ave, NW Makipag-ugnayan sa Amin
Washington, DC 20210